

Tumulong sa paghubog ng Hamilton Kirikiriroa sa hinaharap

Isang mabilis na gabay sa Dokumentong Konsultasyon



Pinagsasama sama namin ang aming plano para sa susunod na 10 taon. Nakatuon kami sa pagtingin sa kung ano ang atin, paghahatid ng inaasahan ng ating komunidad, at pagbabalanse ng mga libro (tinitiyak na ang aming pang araw araw na gastos ay sakop ng ating pang araw araw na kita). Tama na ba ang balanse natin? Pumunta sa [hamilton.govt.nz/futurehamilton](https://www.hamilton.govt.nz/futurehamilton) para sa karagdagang impormasyon at upang ibahagi ang iyong boses. Ang mabilis na gabay na ito ay nagbuod ng mga kailangan mong malaman..

Tungkol saan po ba ang consultation na ito?

Inaprubahan ng Konseho ang draft badyet nito para sa 2024 34 Plano na Pangmatagalan, na nagtatakda ng mga panukalang plano nito para sa susunod na 10 taon. Wala pang pangwakas na desisyon. Nais ng Konseho na marinig kung ano ang tingin mo tungkol sa mga panukala.

Ano ang nasa likod ng mga iminungkahing pagtaas ng mga kabayaran

Ang aming draft 2024 34 Plano na Pangmatagalan ay nagmumungkahi ng isang karaniwang pagtaas ng mga ingo na buwis ng 19.9% (**\$11 bawat ingo**) para sa isang panggitnang halaga ng ari-ariang tirahan sa 2024/25, at 15.5% sa susunod na apat na taon. Hindi ito ang pananaw na inaasahan naming iharap para sa aming lungsod. Ngunit ang mga makabuluhang pagtaas ng local na buwis ay kinakailangan upang mamuhunan sa kung ano ang kailangan ng ating lungsod ngayon at sa hinaharap.

Ang mga gastos ng lungsod ay hindi natutugunan ng mga local na buwis

Ang mga gastos sa paghahatid ng mga pangunahing serbisyo ng lungsod ay palaging lumampas sa kita ng Konseho na karamihan ay binubuo ng mga local na buwis. Mas mababa ang local a buwis natin kaysa sa iba pang

malalaking lungsod ng New Zealand at ng ating mga kalapit na bayan. Ang mga buwis ng Hamilton ay hindi sapat upang masakop ang lahat ng mga gastos sa pagpapatakbo ng ating lumalagong lungsod. Nais ng Sangguniang ito na itama ang paraan ng pagpapatakbo ng ating lungsod sa pananalapi nito. Ayon sa batas, dapat magplano ang mga konseho para sa kita na sapat upang matugunan ang kanilang mga gastos sa pagpapatakbo. Ang aming plano upang harapin ang ating mga hamon sa pananalapi ay makakamit ito, pagkatapos ng higit sa 20 taon ng bihirang paggawa nito.

Ang tungkulin ng lokal na pamahalaan ay nagkakahalaga ng higit pa upang maihatid

Ang mga Konseho sa buong bansa ay nahaharap sa parehong mga hamon. Ang mga pagtaas ng gastos na ito na kinakaharap natin - pagbaba ng halaga, interes, inflation, at mga hinihingi na pagsunod mula sa sentral na pamahalaan - ay hindi kontrolado ng Sanggunian. At ang ibig sabihin ng pagiging lumalagong lungsod ay may higit pang ihatid ang Konseho - mas maraming tubo, kalsada, parke at palaruan na itatayo at aalagaan. Kailangan nating balansehin ang ating kalagayang pinansyal sa pamumuhunan upang mapalago nang maayos ang ating lungsod.

Nabawasan ng Konseho ang paggasta

Kami ay nakatuon sa pag aalaga ng mga bagay na may halaga na pinondohan ng mga nagbabayad ng lokal na buwis upang lumikha ng isang maunlad na lungsod. Tiniyak namin na kung ano ang nasa plano na ito ay panatilihin sa mahusay na trabaho ang kritikal na imprastruktura ng Hamilton. Hindi isinasaalang-alang ang pagbabawas ng mga gastos para sa aming mahahalagang trabaho, hinanap namin ang mga lugar kung saan maaari naming gawin ang mga pagbawas sa aming pang araw araw at kapital na badyet.

Ipinapanukala ng konseho na bawasan ang mga serbisyo upang lalong makatipid sa gastos

Ang aming mga badyet para sa 2025/26 at higit pa ay batay sa aming higit pang pagbabawas ng pang araw araw na gastos upang patakbuhin ang lungsod. Ang result ay mababawasan ang mga serbisyo na ibinibigay ng Konseho sa komunidad, at mga pagbabawas sa mga tungkulin sa likod-opisina. Hindi pa namin natutukoy kung aling mga serbisyo ang maaapektuhan. Sisiguraduhin namin na hindi maaapektuhan ang mga kritikal na serbisyo.

Kung mas mababa ang utang natin, makakatipid tayo sa katagalan

Ang utang na namuhunan sa mga ari-arian na kailangan ng lungsod ang responsableng paraan ng Konseho na bayaran ang mga pagtatayong aktibidad nito - kung saan magkakaroon ng patuloy na benepisyo para sa kasalukuyan at hinaharap na henerasyon ng mga taga Hamiltonian. Gayunman, ang paghiram ng pera para pondohan ang mga gastusin sa pagpapatakbo ay hindi magandang paggamit ng utang - kaya kailangan nating balansehin ang ating mga aklat. At kung bakit kailangan namin ang antas ng mga pagtaas ng lokal na buwis na tinatanong namin sa iyo, upang makukuha natin ang taunang sobra upang mabayaran ang utang.

Ano ang mga prayoridad natin?

Sa panahon ng pagbuo ng 2021-31 Plano na Pangmatagalan, tinanong namin ang komunidad kung ano ang mahal nila tungkol sa Hamilton Kirikiriroa at kung ano ang gagawin upang mas mahusay na lugar ang aming lungsod na tirhan. Ito ay humantong sa paglikha ng aming limang pangmatagalang prayoridad sa susunod na dekada. Ang Sanggunian

ay nananatiling tapat sa mga prayoridad na ito, na gumagabay din sa ating 2024-34 Plano na Pangmatagalan: paghubog ng lungsod na madaling tirhan; isang lungsod kung saan umuunlad ang ating mga tao; isang sentral na lungsod kung saan mahilig ang mga taong pumunta; isang masayang lungsod na maraming gagawin; at isang luntiang lungsod.

Ano ang pagbabago sa Plano na Pangmatagalang ito?

Habang ang karamihan sa Pangmatagalang Plano na ito ay ang pagpapatuloy ng trabaho na binalak sa pamamagitan ng naunang isa, nagkaroon ng ilang mga pagbawas at ilang mga bagong karagdagan upang makatipid ng mga gastos o dagdagan ang kita. Kabilang dito ang: ipakilala ang pagpepresyo na tumutugon sa pangagailanga para sa paradahan sa gitnang lungsod; pag-aalis ng nakatutok na local na buwis sa gitnang lungsod; pagbabago ng mga pangkalakal na buwis sa gitnang lungsod; posibleng paglawak ng hangganan ng Business Improvement District; isang pagsusuir sa local na buwis;

Magbigay ng iyong puna o komento

Ano ang aming kinokunsulta


Nais namin ang inyong puna sa mga nakatutok na local na buwispara sa:

- imprastruktura ng komunidad
- katatagan ng komunidad at matinding panahon
- mga inspeksyon sa kaligtasan ng pribadong palanguyan

Nais din namin ang inyong puna o komento sa:

- Plano naming pamahalaan ang pananalapi ng lungsod
- pagbabawas ng mga serbisyo at gastos ng Konseho
- tulay sa gitnang lungsod para sa paglalakad at pagbibisikleta
- anumang iba pang mga komento na mayroon kayo tungkol sa aming mga plano para sa susunod na 10 taon
- ang aming mga patakaran sa Kita at Pagpopondo at Pagpapatawad at pagpapaliban ng lokal na buwis.

Paano ka magbigay ng inyong pahayag



Hinihikayat ka naming magbigay ng iyong pahayag sa aming mga plano para sa susunod na 10 taon.

Pumunta sa hamilton.govt.nz/futurehamilton o punan ang isang hardcopy na porma.

Pagsasara ng mga isinumite 21 Abril 2024